# RESTITUSYON



IMPORMASYON PARA SA MGA BIKTIMA NG KRIMEN TUNGKOL SA KANILANG MGA KARAPATAN SA RESTITUSYON

## Nakaranas ako ng mga Pagkawala. Ano na Ngayon?

Sa sandaling mag-utos ang Hukom ng imbestigasyon ng muling pagsentensya sa kaso ang, Adult Probation Department (APD) ay makikipag-ugnayan sa iyo upang maitaguyod ang restitusyon sa ngalan mo.

1. **Punan ang talatanungan ng restitusyon** na aming pinadala sa iyo nang kumpleto hangga't maaari. **Maglakip ng kopya ng anumang dokumento** na mayroon ka na sumusuporta sa iyong paghahabol (mga resibo, bill, atbp.). Kung wala kang mga resibo, gumawa ng mga pagtatantiya.

2. **Ibalik sa amin ang talatanungan** at mga pansuportang dokumento sa petsang aming tinukoy. Napakahalagang matanggap namin ang iyong impormasyon sa lalong madaling panahon. Kung hindi kami makabalita sa iyo, hindi kami maaaring humiling ng restitusyon sa ngalan mo.

3. **Bibigyan namin ang Korte** ng impormasyon tungkol sa iyong mga pagkawala sa panahon ng pagdinig sa pagsesentensiya ng nagkasala.

4. **Mag-uutos ang Korte ng** restitusyon sa pagdinig sa pagsesentensiya kung sumasang-ayon ang nagkasala sa halaga. Gayunpaman, ang nagkasala ay **may karapatan sa isang pagdinig sa restitusyon** kung tinututulan niya ang halaga.

**Kung nakaligtaan mo ang petsa ng pagsentensiya o nais mong baguhin ang iyong utos sa restitusyon, makipag-ugnayan sa amin sa lalong madaling panahon. Maaari kaming makatulong.**

## Ano ang Restitusyon?

Ang Restitusyon ay **ang perang dapat bayaran ng nagkasala sa isang biktima.** Sa ilalim ng batas ng estado ng California, **ang lahat ng biktima ng krimen na nakaranas ng kawalan sa pinansiya bilang resulta ng krimen** ay may karapatang makatanggap ng restitusyon mula sa nagkasala.

Ang biktima ay maaaring ang tao o negosyo na direktang napinsala; (mga) pinakamalapit na miyembro ng pamilya ng taong iyon; o ibang tao kung ang biktima ay isang menor de edad, patay na, o pisikal o sikolohikal na walang kakayahan.

Ang Restitusyon **ay maaari lamang i-utos ng isang hukom.** Ang halaga ng dolyar ay ibabatay sa mga kawalang naranasan ng biktima dahil sa krimen.

## Anong Uri ng mga Pagkawala ang Kwalipikado?

- **Mga gastos sa medikal/ngipin**
- **Pagpapayo sa kalusugan hinggil sa pag- iisip**
- **Mga posibleng pagkawalan sa hinaharap**
- **Pagkawala ng sahod/sweldo**
- **Mga gastos sa pantahanang seguridad**
- **Mga retrofit para sa tahanan at sasakyan kung may kapansanan**
- **Pinansiyal na kawalan sa hinaharap sa nabubuhay na asawa**
- **Mga gastos sa biyahe (hal., sa Hukuman/ospital)**
- **Suporta sa anak sa mga kasong pagpatay sa kapwa**
- **Emosyonal na dalamhati sa anak/ mga kasong pangmomolestiya sa dependyenteng may sapat na gulang**
- **Iba pang kawalan na may kaugnayan sa krimen, kahit na hindi tinukoy sa ulat ng pulis**
- **Interes**
- **Pagkawala ng ari-arian**
- **Bayad sa Abugado**
- **Mga gastos sa burol**
- **Relokasyon**

## Paano Kinokolekta ang Restitusyon?

- Kinokolekta ng **California Department of Corrections and Rehabilitation (CDCR) ng estado** ang restitusyon mula sa mga nagkasala na nasa bilangguan ng estado, parolado, o nasa pangangasiwa ng komunidad pagkatapos makalaya.
- Kinokolekta ng ahensiya ng county (sa San Francisco, **ang Comprehensive Collections Unit**) ang restitusyon kung ang nagkasala ay lokal na nasentensiyahan (hal., kulungan ng county o nasa probasyon). Kung ang nagkasala ay ipadadala sa bilangguang pang-estado sa kalaunan, ang CDCR ang magiging responsable sa pagkolekta ng restitusyon.
- Ang nagkasala ay maaaring magbayad ng restitusyon nang buo o magbuwanang bayad.

## Paano ako makakatanggap ng bayad?

- Ang estado o ahensiya ng county na responsable sa pagkolekta **ay magpapadala ng mga kabayaran sa iyo** habang natatanggap ang mga ito mula sa nagkasala. Kung mayroong maraming biktima, ang kabayaran sa restitusyon ay hahatiin sa kanila.
- Sa sandaling i-utos ang restitusyon, maaari kang kumuha ng **utos ng Sibil na Korte upang makatulong sa pagpapatupad ng kabayaran sa restitusyon** sa anumang oras, kabilang dito maski matapos ng nagkasala ang probasyon o parol bago pa man niya mabayaran nang buong ang restitusyon. Sa pamamagitan ng utos na sibil, maaari mong ipa-garnish ang sahod ng nagkasala, iprenda ang kanyang ari-arian, at magsagawa ng iba pang mga pagkilos ng pagpapatupad. Upang isagawa ito, maaaring kailanganin mo ang isang **sertipikadong kopya ng utos ng restitusyon** (form CR-110) at ang **pahayag ng pinansiyal na mga ari- arian ng nasasakdal** (form CR-115). Makipag-ugnayan sa opisyal ng probasyon o sa San Francisco Superior Court Clerk's Office upang makakuha ng mga form na ito.
- **Maaaring tumagal ang pagbabayad;** walang garantiya na ang nasasakdal ay magkakaroon ng kinikita at mabilis na gagawin ang mga pagbabayad.
- Kung hindi nagbabayad ang nagkasala ngunit **alam mo na mayroon siyang mga ari-arian,** may mga paraan upang panagutin ang nagkasala. Kung ang nagkasala ay nasa probasyon pa rin, makipag-ugnayan sa kanyang opisyal ng probasyon para sa tulong. Kung ang nagkasala ay nasa bilangguan, parolado, o tapos na sa parol, makipag-ugnayan sa CDCR Tanggapan ng mga Karapatan at Serbisyo ng Biktima at Naiwan.

## Nawawalan ba ng Bisa ang isang Utos ng Restitusyon?

Hindi. Ang isang utos ng restitusyon ay mawawalan lamang ng bisa sa sandaling mabayaran ito nang buo. Kahit na umalis sa estado ang nagkasala o naghain ng pagkabangkarote, ang utang na restitusyong ay mananatili.

## Paano kung Kailangan ko ng Tulong sa Pagbabayad sa Aking mga Kawalan Ngayon?

Ang **California Victim Compensation Program (CalVCP) ng estado** ay maaaring magbigay ng tulong pinansiyal sa mga biktimang **pisikal na nasaktan** sa panahon ng krimen. Maaaring makatulong ang CalVCP sa medikal, pagpapayo, burol/libing, pagkawala ng kita, at mga gastos sa relokasyon bago pa man masentensiyahan ang nagkasala. Hindi maaaring saklawin ng CalVCP ang mga pinsala sa ari-arian o pagnanakaw. Ang tulong sa pamamagitan ng CalVCP ay magkaibang proseso kaysa pagkolekta ng restitusyon mula sa nagkasala.

Makipag-ugnayan sa DA's Victim Services Division o CalVCP upang maghain ng aplikasyon sa CalVCP.

## CALIFORNIA RESTITUTION LAWS

**PC § 1202.4(a)(1):** Karapatan ng biktima sa restitusyon

**PC § 1202.46:** Pinapanatili ng hukuman ang hurisdiksyon sa restitusyon

**PC § 1202.4(i), 1214(b):** Maaaring gawin ang restitusyon bilang isang sibil na paghatol

**PC § 1214:** Ang restitusyon ay hindi nawawala sa pamamagitan ng pagkabangkarote

**PC § 1214(b):** May karapatan ang biktima sa utos ng restitusyon at pagbubunyag ng pinansiya ng

## MGA NAKATUTULONG NA TIP SA PAG-CLAIM AT PAGKOLEKTA NG RESTITUSYON

- ✔ Maagap na kumpletuhin at ibalik ang lahat ng form na may kaugnayan sa restitusyon.
- ✔ Magtago ng mga kopya ng papeles para sa sarili mong mga rekord.
- ✔ Tandaan ang buong pangalan ng nagkasala at numero ng Hukuman. Gagawin nitong mas madaling mag- follow up pagkatapos.
- ✔ Alamin kung ang nagkasala ay nasa bilangguan, parolado, o lokal na nasentensiyahan.
- ✔ Kung nagbabago ang numero ng iyong telepono o tirahan, abisuhan ang ahensiyang nangongolekta ng iyong restitusyon. Kung lokal na nasintensyahan ang nagkasala (hal., kulungan o probasyon), ibigay din ang iyong bagong imporamasyon sa pagkontak sa Adult Probation Department.

## Mga Ahensyang Maaaring Makatulong

Mayroong Tulong na Magagamit Alam namin na ang restitusyon ay maaaring nakalilito. Ang mga ahensyang nakalista rito ay makatutulong sa iyo. Mangyaring tandaan, gayunpaman, na ang Adult Probation Department ay hindi maaaring magbigay ng legal na payo.

**San Francisco Adult Probation Department**

(415) 553-1706 | www.sfgov.org/adultprobation

**San Francisco District Attorney's Office**

(415) 553-1751 | www.sfdistrictattorney.org
Victim Services Division: (415) 553-9044

**CDCR Office of Victim and Survivor Rights & Services**

(877) 256-6877
www.cdcr.ca.gov/Victim_Services

**California Victim Compensation Program**

(800) 777-9229 | www.calvcp.ca.gov

**Comprehensive Collections Unit of the San Francisco Superior Court**

(415) 551-0670

## Karagdagang Mapagkukunan sa Restitusyon

Makukuha dito ang mas detalyadong impormasyon:

**Mga Gabay ng Restitusyon ng CalVCP/CDCR**

www.vcgcb.ca.gov/docs/brochures/RestVictims.pdf

**Maaaring gawin ang Restitusyon bilang isang Sibil na Paghatol**

www.sdcda.org/files/enforcement_brochure.pdf

**Mga Lathalain ng CalVCP**

www.vcgcb.ca.gov/publications/calvcp publications.aspx

This document is available in additional languages.
Este documento está disponible en español.
Ang dokumentong ito ay makukuha sa Filipino.
在中國的語言提供這個文件

*(Printed by SFAPD, December 2015)*

**Nangangalaga sa Komunidad, Naghahatid ng Hustisya, at Nagbabago ng mga Buhay**

Hall of Justice
880 Bryant Street | Room 200
San Francisco, CA 94103
Telepono 415-553-1706 | Fax 415-553-1771